7

# Learning Activity Sheet sa FILIPINO

## Kuwarter 3- Week 1- MELC 1

Suprasegmental at
Di- Berbal na Palatandaan ng Komunikasyon



**REHIYON VI- KANLURANG VISAYAS**

PAG-AARI NG PAMAHALAAN
HINDI IPINAGBIBILI

**FILIPINO 7**
**Learning Activity Sheet (LAS) Week 1 MELC 1:**
**Suprasegmental at Di-Berbal Na Palatandaan ng Komunikasyon**
**Unang Edisyon, 2021**

Inilimbag sa Pilipinas
Ng Kagawaran ng Edukasyon,
Rehiyon 6 – Kanlurang Visayas
Duran St., Iloilo City

Isinasaad ng **Batas Republika 8293, seksiyon 176** na "Hindi maaaring magkaroon ng karapatang-ari (sipi) sa anumang akda ang Pamahalaan ng Pilipinas. Gayunpaman, kailangan muna ang pahintulot ng ahensiya o tanggapan ng pamahalaan na naghanda ng gawain kung ito'y pagkakakitaan. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang pagtakda ng kaukulang bayad."

Ang **Filipino 7 Learning Activity Sheet (LAS)** na ito ay inilimbag upang magamit ng mga Paaralan sa Rehiyon 6 .- Kanlurang Visayas,

**Walang bahagi ng aklat** na ito ang maaaring kopyahin o ilimbag sa anumang porma nang walang pahintulot sa Kagawaran ng Edukasyon, Rehiyon 6 – Kanlurang Visayas.

Bumuo sa Pagsusulat ng Learning Activity Sheet – Filipino 7

| | |
|---|---|
| Mga Manunulat: | Fahrene S. Lazaro |
| Editor: | Geryl The A. Jaena |
| Tagasuri: | Grace J. Fuentes, Rona F. de la Torre |
| Tagaguhit: | |
| Tagalapat: | Charmly C. Ahunin, Mara Jamaica B. Floreno |

Division of CADIZ CITY Management Team:
Ma. Lorlinie M. Ortillo
May P. Pascual
Geryl The A. Jaena
Rona F. de la Torre

Regional Management Team:
Ramir B. Uytico
Pedro T. Escobarte, Jr.
Elena P. Gonzaga
Donald T. Genine

## *Pambungad na Mensahe*

**MABUHAY!**

Ang **Filipino 7 Learning Activity Sheet (LAS)** na ito ay nabuo sa pamamagitan ng sama-samang pagtutulungan ng Dibisyon ng Lungsod ng Cadiz sa ng Kagawaran ng Edukasyon, Region 6 – Kanlurang Visayas sa pakikipag-ugnayan ng Curriculum and Learning Division (CLMD). Inihanda ito upang maging gabay ng learning facilitator, na matulungan ang ating mga mag-aaral na makamtan ang mga inaasahang kompetensi na inilaan ng Kurikulum ng K to 12.

Layunin ng **LAS** na ito na gabayan ang ating mga mag-aaral na mapagtagumpayan nilang masagot ang mga nakahanay na mga gawain ayon sa kani-kanilang kakayahan at laang oras. Ito ay naglalayon ding makalinang ng isang buo at ganap na Filipino na may kapaki-pakinabang na literasi habang isinasaalang-alang ang kani-kanilang pangangailangan at sitwasyon.

**Para sa mga learning facilitator:**

Ang **Filipino 7 Learning Activity Sheet (LAS)** na ito ay binuo upang matugunan ang pangangailangan ng ating mga mag-aaral sa larang ng edukasyon, na patuloy ang kanilang pagkatuto kahit na sila ay nasa kani-kanilang mga tahanan o saan mang bahagi ng learning center sa kanilang komunidad.

Bilang mga learning facilitator, siguraduhing naging malinaw ang mga panuto sa mga gawaing iniatas sa kanila. Inaasahan din na patuloy nating masubaybayan ang pag-unlad ng mga mag-aaral (learner’s progress).

**Para sa mga mag-aaral:**

Ang **Filipino 7 Learning Activity Sheet (LAS)** na ito ay binuo upang matulungan ka, na mapatuloy ang iyong pagkatuto kahit na wala ka ngayon sa iyong paaralan. Pangunahing layunin ng LAS na ito na mabigyan ka ng makahulugan at makabuluhang mga gawain. Bilang aktibong mag-aaral, unawain nang mabuti ang mga panuto ng bawat gawain.

# Learning Activity Sheet 1

Pangalan ng Mag-aaral: ______________________________________________
Taon at Pangkat: ____________________________ Petsa: _________________

## FILIPINO 7 ACTIVITY SHEET
## Suprasegmental at Di- Berbal na Palatandaan ng Komunikasyon

### I. KASANAYANG PAMPAGKATUTO AT KODA

Naipaliliwanag ang kahalagahan ng paggamit ng ponemang suprasegmental (tono, diin, antala) (**F7PN-IIIa-c-13)**

### II. PANIMULA (SUSING KONSEPTO)

**PONEMANG SUPRASEGMENTAL**

Ang mga ponemang suprasegmental ay mahalaga para sa mabisang pakikipagtalastasan. Nakatutulong ito upang maging mas maliwanag ang pagpaparating ng tamang damdamin sa pagpapahayag.

1. **Intonasyon, Tono at Punto**– Ang intonasyon ay tumutukoy sa pagtaas at pagbaba na iniuukol sa pagbigkas ng pantig sa salita na maaaring makapagpaiba sa kahulugan ng mga salita maging ang mga ito man ay magkapareho ng baybay.

Hindi dapat ipagkamali ang intonasyon sa punto at tono ng pagsasalita. Ang punto ay tumutukoy sa rehiyunal na tunog o accent. Iba ang punto ng Ilokano sa Maranao o ng Cebuano sa Ilonggo. Maging sa rehiyong Tagalog, iba ang punto ng mga Batanggenyo at kahit mga taga-Cavite. Sa probinsiya ng Quezon, karaniwang iba't iba ang punto sa iba't ibang bayan. Samantala, ang tono ng pagsasalita ay nagpapahayag ng tindi ng damdamin. Maaaring magkaiba-iba ang punto at tuno bagamat iisa ang intonasyon.

Aalis na ako. **(Nagsasalaysay)**
Aalis na ako? **(Nagtatanong)**
Aalis na ako! **(Nagpapahayag ng matinding damdamin)**

2. **Diin at Haba** – Ang haba ay tumutukoy sa haba ng bigkas na iniuukol ng nagsasalita sa patinig ng pantig ng salita. Ang diin naman ay tumutukoy sa lakas ng bigkas sa pantig ng salita.

/ma.nonood/ (watcher)
/mano.nood/ (to watch)
/ba:lah/ - bullet
/bala?/ - threat
/paso?/ - flower pot
/pa:so?/ - burn

/kasa:mah/ - companion
/kasamah/ - tenant
/kaibi:gan/ - friend
/ ka:ibigan/ - lover

3. **Hinto o Antala–** Ito ay ang saglit na pagtigil sa pagsasalita upang higit na maging malinaw ang mensaheng ipinahahayag. Ginagamit ang kuwit, tuldok, semi-kolon at kolon sa pagsulat upang maipakita ito.

a. Lola, Rosa, ang kaklase ko. **(Ipinakikilala mo ang iyong kaklase sa iyong lola at sa kaibigan mong si Rosa)**

Lola Rosa, ang kaklase ko. **(Ipinakikilala mo ang iyong kaklase kay Lola Rosa)**

b. Kuya, Mikel John ang pangalan niya**. (Kinakausap si Kuya, o kaya'y isang kuya, at ipinakikilala si Mikel John)**

Kuya Mikel, John ang pangalan niya. **(Kausap ang isang kuya na Mikel ang pangalan. Ipinakikilala si John)**

Bukod sa mga ponemang suprasegmental ay nakatutulong din sa mabisang pagpapahayag ang mga di-berbal na palatandaan gaya ng kumpas ng kamay at galaw ng mata at katawan lalo na sa pagbigkas ng tula. Ang pagkumpas ay mahalagang sangkap sa sining ng pagbigkas ng tula. Ginagamit ito upang maihatid ang damdamin ng tula sa madla o mailarawan ang kaisipang inilalahad nito.

## III. SANGGUNIAN


http://siningngfilipino.blogspot.com/2012/09/mga-ponemang-suprasegmental.html


## IV. MGA GAWAIN

**GAWAIN 1**

**Panuto:** Basahing mabuti ang usapan. Pagkatapos ay piliin ang kahulugan ng mga salitang may salungguhit ayon sa tamang tono, diin, haba at antala sa bawat bilang. Piliin ang titik ng tamang sagot mula sa mga pagpipilian sa ibaba.

A. Nagsasabi na mahirap unawain ang taglish
B. Nagbibigay ng opinyon na hindi mahirap unawain ang taglish.
C. Naglalahad na kahapon sila nakinig sa seminar.
D. Nagtatanong kung kahapon ginanap ang seminar.
E. Nagmula siya sa paaralan.
F. Nangangahulugang mahusay.

**PAGGAMIT NG TAGLISH**

**Gabby**: 1. **_____ Kahapon** ay nakinig kami sa seminar tungkol sa programa ng pamahalaan sa paglilinis ng paligid. Taglish ang ginamit sa pagsasalita ng mga tagapagsalita.
**Paula**: 2. **_____ Kahapon?** Ang akala ko ay mamaya pa ang seminar na iyon?
**Gabby**: Kasama ko sa pagpunta sa seminar si Raymond. Marami kaming natutuhan kahit taglish ang pagsasalita.

**Paula**: Ganoon ba? 3. _____ **Galing** ako sa paaralan ngayon. Ang sabi ni Mr. Cruz, ang guro namin, hindi daw tama na gumamit ng taglish kapag formal ang okasyon, tulad ng seminar. Dapat daw ay purong Filipino ang gamitin o kaya naman ay purong English. Para sa akin tama siya. Ang 4. _____ **galing** ata niya.
**Gabby**: Hindi mahirap unawain ang taglish. 5. _____ **Iyon ay opinyon ko**.
**Paula**: Hindi, mahirap unawain ang taglish dahil kombinasyon ito ng dalawang wika.

**GAWAIN 2**
**Panuto:** Sagutin ang mga katanungan. Piliin at isulat ang titik ng tamang sagot.

1. Ang mga ponemang suprasegmental ay mahalaga para sa mabisang pakikipagtalastasan. Nakatutulong ito upang maging mas maliwanag ang pagpaparating ng tamang damdamin sa pagpapahayag. Alin sa sumusunod ang hindi kabilang sa mga ponemang suprasegmental?
   A. Intonasyon, Tono at Punto C. Hinto o Antala
   B. Haba at Diin D. Palaisipan

2. Ano ang ibig sabihin ng pahayag na ito? "Ang ganda ng tula?"
   A. Nagsasalaysay na maganda ang tula.
   B. Nagpapahayag ng lubhang kasiyahan sa ganda ng tula.
   C. Nagtatanong/ nagdududa kung maganda ba ang tula.
   D. Nagsasabing maganda ang tula.

3. Ang wika ay ________________ kaya't nagbabago sa pagdaan ng panahon. Alin ang angkop na salita para sa pangungusap?
   A. /bu.hay/ B. /buhay/ C. buh-ay D. /bu—hay/

4. Ito ay ang saglit na pagtigil sa pagsasalita upang higit na maging malinaw ang mensaheng ipinahahayag. Ginagamit ang kuwit, tuldok, semi-kolon at kolon sa pagsulat upang maipakita ito.
   A. Intonasyon, Tono at Punto C. Hinto o Antala
   B. Haba at Diin D. Palaisipan

5. Ano ang nais ipakahulugan ng pahayag na ito? "Hindi, akin ang makapal na aklat na iyan!"
   A. Sinasabing hindi sa kanya ang aklat na itinuturo.
   B. Sinasabing siya ang may-ari ng aklat na itinuro.
   C. Sinasabing hindi makapal ang aklat.
   D. Sinasabing makapal ang aklat na itinuturo.

**GAWAIN 3**
**Panuto**: Basahin ang usapan sa ibaba at tukuyin kung bakit hindi nagkaintindihan ang mga tauhan. Ipaliwanag kung ano ang kahalagahan ng paggamit ng wastong ponemang suprasegmental para sa mabisang pakikipagtalastasan.

**Pulis:** Isa ba sa inyo ang magnanakaw sa palengke?
**JK:** Hindi ako, ang magnanakaw.
**Jimin:** Hindi, ako ang magnanakaw!
**Jin:** Hindi ako ang magnanakaw.

**Pulis:** Hindi ko kayo maintindihan.

________________________________________________________________________________
________________________________________________________________________________
________________________________________________________________________________
________________________________________________________________________________
________________________________________________________________________________

## V. REPLEKSYON

**Panuto:** Natutuhan ko na mahalagang patuloy na basahin, pag-aralan, at matuto mula sa iba't ibang alamat ng ating bayan dahil:

________________________________________________________________________________
________________________________________________________________________________
________________________________________________________________________________
________________________________________________________________________________
________________________________________________________________________________

## VI. SUSI SA PAGWAWASTO:

*GAWAIN 1*

*C 2. D 3. E 4. F*
*5. B*

*GAWAIN 2*

*D 2. C 3. B 4. C*
*5. B*